

PAGGAWA NG PAMBOMBA SA PESTENG KULISAP AT SAKIT MULA SA KATAS NG HALAMAN

NEEM

1. Magdikdik ng 20 - 50 g buto ng *neem*
2. Ihalo sa 1 litrong tubig at ibabad magdamag
3. Salain at gamiting pambomba



Mahusay para sa:

Salagubang, *aphids*, bukbok, *diamondback moth*, *stem borer*, *army worm*, *nematodes*, *mites*, *grasshopper*, *rice at corn borer*, *leafhopper*, *termite*, *leaf miner*, *fruit fly* at iba pa.

SILING MAANGHANG

1. Magdikdik ng 25 piraso ng sili
2. Ihalo sa 1 galong tubig
3. Lagyan ng 1 kutsaritang sabon (Perla o Surf o Tide upang maging madikit)
4. Gamiting pambomba laban sa uod, *aphids* at iba pang malalambot at manipis na katawang insekto.



MADRE DE CACAO

1. Dikdikin at katasin ang dahon at sanga
2. Bantuan ng tubig
3. Gamiting pambomba laban sa *cutworm*, *flies*, *plant hopper*.



AMARILYO/MARIGOLD

1. Dikdikin ang dahon, ugat at bulaklak
2. Ibadad sa tubig magdamag
3. Salain at gamiting pambomba laban sa *nematodes*, *green leaf hopper*, *diamondback moth*.



PULANG SIBUYAS

1. Magdikdik ng 1 kg. sibuyas
2. Ibadad sa 7 litrong tubig magdamag
3. Salain at gamiting pambomba laban sa mga sakit dulot ng amag tulad ng *Cercospora*, *Fusarium*, *Colletotrichum*, atbp.



BAWANG

1. Pakuluan ang 1 ulo ng bawang
2. Palamigin at gamiting pambomba laban sa *Alternaria*, *Cercospora*, *Collettrichum*, *Curvulria*, atbp



ORGANIKONG PAGSASAKA

- Hindi gumagamit ng mga nabibiling pestisidyo at pataba
- Gumagamit ito ng maraming kompost, dumi ng hayop, kilib, *green manure*, binurong katas ng halaman, salitanim, palit-tanim, halo-halong pagtatanim at sunod-sunod na pagtatanim upang mapalusog ang lupa, masugpo ang damo, sakit at insekto, matipid sa tubig at dalas ng pagdidilig.
- Makakaani ng ligtas at masustansiyang pagkain

- Maiiwasan ang pagkalason ng lupa at tubig
- Mapapangalagaan ang kalikasan

Dahilan ng Pag-oorganiko

- Maiiwasan ang masamang epekto ng kemikal sa kalusugan ng katawan
- Maiiwasan ang masamang epekto ng mga pestisidyo sa kalikasan, hayop, buhay-ilang, lupa, tubig at hangin.
- Maisasa-alang-alang at mabibigyang halaga ang lahat ng may buhay
- Isang magaan na paraan ng pamumuhay.

Mga Pamantayan sa Pag-oorganiko

- Pagtatanim ng binhing galing sa organikong halaman
- Paggamit ng organikong pataba
- Hindi paggamit ng pestisidyo o lason sa pagsugpo ng peste at sakit
- Malayo sa tanimang gumagamit ng mga kemikal (pestisidyo atpb.)
- Paggamit ng pamamaraang nagsasaalang-alang sa kalikasan at lahat ng mga nilalang

Muling ipinalimbag at ipinamamahagi ng:



Region IV-B (MIMAROPA)
Regional Agriculture and Fisheries Information Division (RAFID)
4th Flr. ATI Bldg., Elliptical Road
Diliman, Quezon City
Tel. No.: (02) 426-4784



Paggawa ng Organikong Pataba, Pamatay-Kulisap, atbp.

TEA MANURE 1

Materyales:
Binulok na dumi ng baka, kabayo
o kalabaw - kalahating sako
Plastic na drum -200 litro ang
laman
Tubig
Pabigat



- Paraan ng Paggawa:**
1. Ilagay sa sako ang binulok na dumi ng hayop
 2. Taliang mabuti, lagyan ng pabigat at ibabad sa *drum* na may tubig
 3. Takpan at hayaang maburo ng 1 linggo
 4. Kung gagamit ng pahabol na abono, idilig ng puro tuwing ika-30, 45 at 60 araw
 5. Kung malimit namang gagamitin, bantuan ng tubig (1:1)
 6. Maaaring idilig sa bunton ng kinokompost para bumi-lis ang pagkabulok at madagdagan ang makabuluhang mikrobyo.

TEA MANURE 2 (BOKASHI)

Materyales:
1 kilong pinatuyong ipot ng
manok
1 kilong pulang asukal
20 litrong tubig
Plastic drum (20 litro ang
laman)



- Paghahanda:**
1. Tunawin ang 1 kilong pulang asukal sa 20 litrong tubig
 2. Ibabad ang binulok na ipot ng manok na nakasilid sa sako o *net bag*
 3. Buruhin ng 1 linggo
 4. Maaari ng gamiting abonong pambomba at pandilig.

BINURONG KATAS NG HALAMAN

Materyales:
1 kilong tinadtad na katawan ng saging
1 kilong pulang asukal *Plastic* na lalagyan

- Paghahanda:**
1. Paghaluin ang tinadtad na katawan ng saging at pulang asukal
 2. Ilagay sa *net bag*
 3. Daganan ng pabigat (*plastic* na may tubig)
 4. Takpan ng papel at iimbak ng 5-7 araw sa isang madilim at tuyong lugar
 5. Maaari nang gamiting abono para sa dahon o idilig sa kamang taniman
 6. Tatlong kutsarang binurong katas ng halaman sa 1 ga-long tubig ang timpla.

KOMPOST



Materyales:
Anim (6) na pulgadang tuyong sangkap:
Dahon, Damo, Dayami
At iba pang matagal mabulok

Tatlong (3) pulgadang basang sangkap:
Dahon ng kakawate
Tuyong dumi ng hayop
Ipil-ipil at iba pang legumbre
Nabubulok na bagay galing sa kusina
Isang(1) pulgadang malusog na lupa

- Paraan ng Paggawa:**
1. Ilatag muna ang 6 na pulgadang tuyong sangkap
 2. Ipatong ang 3 pulgadang basang sangkap
 3. Latagang muli ng 1 pulgadang malusog na lupa at dili-gan ng “*tea manure*”
 4. Ituloy ang pagbubunton hanggang umabot sa taas na 4-5 piye
 5. Lagyan ng suportang kahoy sa paligid upang hindi ma-tumba

6. Lagyan ng pasingawan sa gitna
7. Takpan ng *plastic* at hayaang mabulok ng 2-3 buwan

LACTOBACILLI (LACTIC ACID BACTERIA SERUM)

Materyales:
Hugas-bigas, Garapon
Papel na pantakip
Gatas (*fresh o powdered*)



- Paghahanda:**
1. Ibuhos ang hugas-bigas hanggang sa kalahatian ng garapon
 2. Takpan ng papel makalipas ang 5 minuto at talian
 3. Ilagay ang garapon sa madilim na lugar
 4. Hayaang maburo hanggang 5 araw
 5. Salain at itabi

- Paggawa ng Lactic Acid Bacteria Serum (LABS)**
1. Maglagay ng binurong hugas-bigas sa bagong garapon, 1 bahagi
 2. Buhusan ng 10 bahaging kinanaw na gatas
 3. Haluing mabuti, takpan ng papel at ilagay sa madilim na lugar
 4. Buruhin ng 5-7 araw
 5. Pagkatapos ay salain
 6. Ang matirang sabaw ay nagtataglay ng *lacto bacilli*, ito ang tinatawag na *lactic acid bacteria serum*



- Paano gamitin:**
Magtimpla lamang ng 3% LABS at maaaring gamiting:
1. Inumin ng mga alagang hayop upang gumanda ang kondisyon ng tiyan

2. Pandilig sa bunton ng kinokompost upang bumilis ang pagkabulok
3. Pangbomba sa halaman upang lumakas ang resistensya laban sa sakit at peste

Iba pang bagay na nagpapabilis sa pagkabulok ng kompost:
-Tuyong dumi ng hayop -Nabubulok na basura
-kompost -lhi
-Lupa

GREEN MANURE

Materyales:
Mga legumbre katulad ng:
-Munggo -*Velvet bean*
-*Sesbania* -*Soya bean*
-Mani -Paayap



- Pagtatanim:**
1. Isabog ang mga binhi sa lupang tataniman
 2. Hayaang tumubo ang mga halaman mula 30-45 na araw o hanggang sa panimulang pamumulaklak
 3. Araruhin ang mga halaman at ihalong mabuti sa lupa

INULING NA IPA

1. Maghanda ng tuyong ipa, *drum* at pasingawan na *screen*
2. Magrolyo ng kalahating metrong *screen*, lagyan ng dyar-yo sa loob at itayo sa gitnang bahagi ng *drum*
3. Buhusan ng ipa ang palibot ng *screen* sa loob ng *drum*, siksikin at takpan ng lupa. Huwag takpan ang singawan
4. Sindihan ang dyaryo at hayaang mag-apoy at mauling ang ipa
5. Maaari ng gamitin paglamig ng ipa.